

Pakitingnan ang mga sumusunod na pahina para sa impormasyon sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean.

Mayroong Kaluwagan para sa Mamimili sa Ilalim ng Kasunduan sa Settlement sa Pagitan ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos at Credit Suisse Securities (USA) LLC.

Itinatakda ng dokumentong ito ang mga uri ng kaluwagan na i-aalok ng Credit Suisse upang matugunan ang mga obligasyon nito sa Kaluwagan ng Mamimili bilang bahagi ng Settlement nito sa Kagawaran ng Katarungan.

I-aalok ng Credit Suisse ang mga uri ng kaluwagan sa ibaba sa mga nangutang na natukoy ng Credit Suisse bilang nakakatugon sa mga kahingian nito sa pagiging karapat-dapat na alinsunod sa Settlement:

1. Pagbabago ng mga residential mortgage loan sa pamamagitan ng pagpapatawad ng prinsipal, kaluwagan, at pagpapatawad ng balanse.
2. Pagtatapos ng mga residential mortgage loan para sa mga may-ari ng tahananang may ikalawa at junior mortgage.

Babalikan ng Credit Suisse ang mga mortgage loan na sinerbisuhan ng kaanib nitong Select Portfolio Servicing, Inc. ("SPS") at mga hindi kaanib na mortgage servicer upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa mga nabanggit na uri ng kaluwagan.

Maaari lamang i-aalok ang Kaluwagan ng Mamimili sa mga partikular na nangutang. Magsasagawa ang Credit Suisse ng indibidwal na mga pagpapasya kaugnay ng pagiging karapat-dapat at halaga ng kaluwagan. Ang mga nangutang na makakatugon sa mga pamantayan ng Credit Suisse para sa Kaluwagan ng Mamimili ay kokontakin, ngunit ang mga nangutang na nangangailangan ng tulong o nakakaranas ng pinansyal na kahirapan ay dapat pa ring kumontak sa SPS sa numerong nakalista sa ibaba o sa kanilang kasalukuyang mortgage servicer. Dapat ituloy ng lahat ng nangutang ang pagsasagawa ng kanilang mga regular na pagbabayad ng mortgage.

Sinumang nangutang na makakatanggap ng Kaluwagan ng Mamimili ay maaaring makaranas ng mga kahihinatnan sa buwis at dapat kumonsulta sa isang tax advisor. Halimbawa, para sa mga pagbabago sa loan kung saan pinatawad ang prinsipal, maaaring kailanganin ng mga nangutang na magbayad ng buwis sa kita ayon sa halaga ng prinsipal na pinatawad. Ito ay dahil ang halaga ng prinsipal na pinatawad ay itinuturing, sa pangkalahatan, bilang kita ng nangutang sa taon na pinatawad, maliban kung magkwalipika ang nangutang para sa isang tax exclusion o hindi pagkakasama sa buwis. Mahalaga ring tandaan na nagbago ang mga pederal na batas kaugnay ng pagbubuwis sa pagpapatawad sa prinsipal noong 2019. Noong Disyembre 2019, retroaktibong pinalawig ng Kongreso ang Mortgage Forgiveness Debt Relief Act, na nag-e-exempt sa mga partikular na nangutang sa pagbabayad ng buwis sa kita sa mga pagbabago sa mortgage kung saan pinatawad ang prinsipal. Bilang resulta, ang ilang nangutang na nakatanggap ng mga pagbabago sa mortgage kung saan pinatawad ang prinsipal mula Enero 1, 2018 hanggang Disyembre 31, 2020 ay maaaring hindi na kailanganin magbayad ng buwis sa kita sa halagang pinatawad.

Maglulunsad ang Credit Suisse ng mga kaganapan sa pag-abot sa mga nangutang nang hindi bababa sa tatlong beses kada taon hanggang sa makumpleto nito ang mga obligasyon nito sa Kaluwagan ng Mamimili. Para sa mga kaganapang ito, aktibong aabutin ng Credit Suisse ang mga nangutang na hindi na nakapagbayad o nanganganib na hindi makapagbayad sa takdang panahon at hikayatin

silang dumalo at makisangkot sa mga harapang konsultasyon para sa tulong sa mortgage. Maglulunsad ang Credit Suisse ng nakatarget na pag-abot sa nangutang sa pamamagitan ng mga liham imbitasyon sa iba't ibang wika at/o tawag sa telepono. Magkakaroon ng mga tagapayo sa tulong sa mortgage sa bawat kaganapan upang makapagbigay ng komprehensibong tulong at gabay sa customer kaugnay ng buong hanay ng alternatibong kaluwagan. Makapagsumite ang mga nangutang ng kinakailangang dokumentasyon sa site mismo upang makumpleto ang mga aplikasyon para sa pagbabago. Kung posible, magbibigay ng mga desisyon sa mismong araw para sa mga nangutang upang ipaalam sa kanilang pagkakaaruba o pagkakatanggi ng pagbabago.

Dagdag sa direktang tulong sa mga nangutang, magbibigay ang Credit Suisse ng mga pondo upang mapabilis ang konstruksyon, rehabilitasyon o preserbasyon ng abot-kayang paupahan o binebentang pabahay.

Impormasyon sa Pagkontak:

Para sa tulong, pakitawagan ang Select Portfolio Servicing, Inc., ang kaanib na mortgage servicer ng Credit Suisse sa 800-258-8602.

Oras ng operasyon: Lunes-Huwebes 8 AM – 11 PM ET, Biyernes 8 AM – 9 PM ET, Sabado 8 AM – 2 PM ET